

# ANG Bayan



PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS  
PINAPATNUBAYAN NG  
MARXISMO-LENINISMO-MAOISMO

Espesyal na Isyu

Edisyong Pilipino

Marso 29, 2000


## Ipagtagumpay ang armadong rebolusyon sa ika-21 siglo

*Mensahe sa ika-31 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan ni Armando Liwanag*

*Tagapangulo, Komite Sentral  
Partido Komunista ng Pilipinas*

*29 Marso 2000*

**S**a ngalan ng Partido Komunista ng Pilipinas at ng sambayanang Pilipino, nagpupugay ako sa mga Pulang kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan sa kanilang rebolusyonaryong pagkakaisa at magiting na pakikibaka, mga sakripisyo at mga tagumpay sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Ipinagbubunyi natin ang dakila at maniningning na kasaysayan ng Bagong Hukbong Bayan at binabati namin kayo sa kasalukuyang mga pagsulong sa rebolusyonaryong pakikibaka. Napalaki at nakonsolida ninyo ang ating armadong lakas at rebolusyonaryong baseng masa sa pagpapatupad ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto. Nagkamit kayo ng makabuluhang mga tagumpay sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa mamamayan at sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba laban sa kaaway.



Nasisiyahan kaming lahat na ang BHB ay nagkaisa sa pagtalima sa panawagan ng Partido na paigtingin ang armadong rebolusyon at kamtin ang ganap na tagumpay sa ika-21 siglo. Handang-handa ang BHB na magkamit ng marami pang mga tagumpay dahil sa natipon nitong mga karanasan at lakas at dahil patuloy na lumulubha ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista at ng lokal na naghaharing sistema.

Sagradong tungkulin ng BHB na isulong ang matagalang digmang bayan hanggat kinakailangang ipaglaban ang pambansa at pan-

lipunang kalayaan laban sa pang-aapi at pagsasamantala. Hinahangad ng malawak na masa ng sambayanan ang ganap na tagumpay ng rebolusyon Pilipino.

Dapat nating gapiin ang imberyalismong US at ang lokal na mga mapagsamantalang uri at kumpletuhin ang pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Mula sa tagumpay ng bagong-demokratikong rebolusyon, tayo ay tutuloy sa sosyalistang rebolusyon at susulong pa patungong komunismo.

## I. Dakilang mga tagumpay ng Bagong Hukbong Bayan

Ang kasalukuyang bagong-demokratikong rebolusyon ay pagpapatuloy ng lahat ng mga nagdaang rebolusyonaryong pakikibaka ng sambayanan Pilipino upang makalaya sa dayuhan at pyudal na paghahari. Ipinagpapatuloy natin ang rebolusyonaryong pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya sa isang bago at mas mataas na antas.

Ang malaking kaibhan ng luma at ng bagong demokratikong rebolusyon ay pinamunuan ng umiusbong na liberal burgesya ang una at ang huli naman ay pinamumunuan ng uring manggagawa sa pamamagitan ng abanteng destakamento nito, ang Partido Komunista ng Pilipinas, nakabatay sa alyansang manggagawa-magsasaka at naglalayong ilatag ang batayan para sa sosyalistang rebolusyon.

Ang pamumuno ng Partido at ng uring manggagawa ay nagbibigay-kakayahan sa sambayanan Pilipino na lutasin ang problema sa lupa, na siyang pangunahing problema ng demokratikong rebolusyon at tupdin ang mga bagong rebolusyonaryong tungkulin sa pandaigdigang panahon ng imberyalismo at proletaryong rebolusyon.

Sa patnubay ng rebolusyonaryong syensa ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, naitakda ng Partido ang wastong rebolusyonaryong linya sa uri, ang pangkalahatang linyang pampulitika at ang estratehi-kong linya ng matagalang digmang bayan. Sa gayon, ang BHB ay nakasulong na mula sa Katipunan at Rebolusyonaryong Hukbong Pilipinas ng lumang demokratikong rebolusyon.

Nahigan ng BHB ang Hukbong Bayan Laban sa Hapon at ang Hukbong Mapagpalaya ng Bayan dahil

mula 1969 ay inilinaw ng ating Partido nang higit kailanman sa nakaraan ang mga batayang kundisyon, katangian, mga motibong pwersa, mga kaaway, mga yugto at mga tungkulin ng rebolusyon Pilipino. Naitakwil na natin ang rebrisyunismo at oportunismo ng lumang pinagsanib na partidong komunista at sosyalista.

Nagagap natin ang mga saligang turo ni Kasamang Mao hinggil sa estratehiya at mga taktika ng matagalang digmang bayan sa mga kalagayang malakolonyal at malapyudal. Kasabay nito, nakahalaw tayo ng mga aral mula sa ating sariling karanasan at nakapag-ambag sa ibayo pang pag-unlad ng teorya at praktika ng matagalang digmang bayan.

Ang BHB ay siya ngayong pinakamakapang-yarihang rebolusyonaryong hukbo sa buong kasaysayan ng sambayanan Pilipino. Nahigan na nito ang lahat ng dating rebolusyonaryong pwersa sa Pilipinas sa usapin ng pambansang saklaw at malalim na pagkauugat sa masang manggagawa at magsasaka. Nakamit ng Partido ang makasaysayang karanganan ng pagtatatag sa Bagong Hukbong Bayan sa pamamagitan ng pagsalig at pagtiwala sa masa at sa pamamagitan ng masikhay

**ANG BHB AY SIYA NGAYONG PINAKAMAKAPANG-YARIHANG REBOLUSYONARYONG HUKBO SA BUONG KASAYSAYAN NG SAMBAYANANG PILIPINO.**



na paggawa at puspusang pakikibaka alinsunod sa prinsipyong pag-asa sa sarili.

Mula sa maliit nitong simulang may 60 mandirigmang may siyam na ripleng awtomatik at 26 na mahihinang baril sa ikalawang distrito ng Tarlac noong 1969, ang BHB ngayon ay may kabuuang bilang na mahigit 20 batalyong armado ng matataas na kalibreng armas, na dinaragdagan ng ilampung libong katao sa mga milisya at mga yunit sa pagtatanggol-sa-sarili. Mula sa 50,000 hanggang 80,000 baseng masa noong 1969, mayroon na tayo ngayong baseng masang bumibilang ng milyun-milyon sa mahigit 80 larangang gerilya na nakalatag sa kabuuhan ng bansa.

Naitatag ng BHB ang lakas nito sa pamamagitan ng matapat na pagtalima sa linyang masa at magiting na paglaban sa kaaway. Nasubok ito sa napakaraming

mga labanan at napangibabawan ang napakaraming mga kampanya ng pagsupil na inilunsad ng kaaway laban dito. Nakapagpynyagi at nakapagpalakas ito laban sa lakas-dibisyong mga *task force* tulad ng Task Force Lawin at Task Force Saranay mula 1969 hanggang 1972, sa 14-taong pasistang diktadura na naglunsad ng mga pambansang kampanya ng pagsupil tulad ng Cadena de Amor at Oplan Katatagan at sa mga pambansang kampanyang Lambat Bitag I, II, III at IV ng mga rehimeng Aquino at Ramos.

Niloloko ng kaaway ang sarili sa panganganakang nakamit na nito ang “estratehikong tagumpay” sa panahon ng rehimeng US-Ramos at napahina ang lakas-sadata ng BHB mula sa 25,000 noong 1985 tungo sa 5,000 na lamang noong 1992 bunga ng serye ng mga kampanyang Lambat Bitag. Ang totoo ay mayroon lamang 5,600 malalakas na armas ang BHB noong 1985, bukod sa mahihinang sandatang hawak ng mga milisya at mga yunit sa pagtatanggol-sarili.

Ang mga kampanya ng kaaway sa pagsupil ay hindi siyang tangi ni pangunahing naging sanhi ng kapansinpansing pagdausdos ng baseng masa at mga taktikal na opensiba ng BHB mula 1988 hanggang 1991. Pangunahing nagamit ng kaaway ang mga kamalian ng rebisyunismo at “Kaliwang” oportunismo na itinulak ng mga rebisyunistang taksil at ayaw magwastong mga oportunistang nagpagamit sa kaaway, hanggang sa ang mga ito ay mapigil ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto na nagsimulang manaig noong 1992.

Hindi kinayang wasakin ang BHB kahit nagkataong sumabay ang Lambat Bitag, taglay ang “abanteng deployment”, “gerang mabilis na tinatapos” at “gradual constriction” nito, sa malulubhang “Kaliwa” at Kanang oportunistang pagkakamali at sa madudugong *witchhunt* na ipinatupad ng mga taksil. Ito ay dahil gaano man kataas ang kanilang katungkuluan, hindi kinayang wasakin ng mga rebisyunistang taksil at mga ayaw magwastong oportunistika ng Marxista-Leninista-Maoistang pamunuan ng Partido at pundasyon ng BHB. Hindi nila kinayang ganap na ipataw nang sabay-sabay sa buong Partido at BHB ang kanilang lihis na linya ng

“estratehikong kontra-opensiba”, “linyang Pulang Purok-Puting Purok”, “teorya ng pagtagtagpo” (*convergence theory*) at iba-ibang anyo ng insureksyunismo.

Ang mga proletaryong rebolusyonaryong cadre at ang mga Pulang kumander at mandirigma ay nagpunyagi sa estratehikong linya ng matagalang digmang bayan at nagsakatuparan sa estratehiya at mga taktika ng pakikidigmang gerilya. Ang paglaki ng BHB, mula sa umpisa at sa panahon ng pasistang diktadura, ay bunga ng maliiitang mga opensibang gerilya at hindi dahil sa mga yunit na pinalaki at sinobrahan ng tauhan nang wala sa panahon, na naging pabigat at hiwalay sa masa at madaling ihiwalay at gawing pasibong kaaway.

Ang pagdami ng mga laringang gerilya, na platon ang siyang relatibong konsentradong sentro de grabidad, at ang kaakibat na pagpapalawak at pagpapatatag ng baseng masa ay nabansot at nadiskaril saan man may mga hindi napapanahong pagbubuo ng mga kumpanya at mga batalyong palagi ang nakakonsentra at pagkaligta sa masikhay na gawaing masa at solidong pag-oorganisa sa hanay ng masa na ibinunga nito.

Ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto ay nagkamit ng kahanga-hangang tagumpay dahil sa katatagan at militansa ng mga proletaryong rebolusyonaryong cadre at mga Pulang kumander at mandirigma. Ang BHB ay nabigyan natin ng panibagong oryentasyon, nareorganisa at muling naipakat para sa gawaing masa. Kapag hindi pa maglulunsad ng opensiba, maging ang platon bilang sentro de grabidad ay hindi nakahiwalay sa masa kundi may mas maliit na saklaw para sa pagganap ng gawaing masa kaysa mas maliliit na yunit na sadyang nakapakat sa gawaing masa sa mas malawak na saklaw. Sa gayon, nabawi, napalawak at napatatag natin ang rebolusyonaryong baseng masa. Dagdag pa, tuluy-tuloy nating naparami ang mga taktikal na opensiba alinsunod sa ating kakayahang mula 1996.

Napangbabawan natin ang mga banta noon ng mga ayaw magwastong oportunistika at mga rebisyunistang taksil sa buhay ng Partido, ng hukbong bayan at ng buong rebolusyonaryong kilusang masa. Ang BHB ay

### NABAWI, NAPALAWAK AT NAPATATAG NATIN ANG REBOLUSYONARYONG BASENG MASA.



hindi lamang nakapagpreserba ng sarili kundi nakapagpanibagong-sigla at ibayong nakapagpalakas bilang rebolusyonaryong hukbo para sa pagkamit ng tagumpay ng bagong-demokratiko at sosyalistang rebolusyon sa ika-21 siglo.

Nagapi natin hindi lamang ang mga “Kaliwang” oportunistang puminsala sa BHB sa balatkayo ng pagpabilis ng tagumpay kundi gayundin ang mga Kanang oportunista (kabilang yaong mga nagpabaling-baling sa “Kaliwa” at Kanan o nag-astang mga sentrista) na buong kawalanghiyaang naglako ng repermismo, rebisyunismo at likidasyunismo. Ang pinakamasasahol sa mga rebisyunistang taksil at mga ayaw magwastong oportunistang ito ay hayagan na ngayong nagpapagamit sa kontra-rebolusyonaryong estado. Natagpuan nila ang

laluna sa Timog Katagalugan, Gitnang Kabisayaan at Mindanao. Makabuluhan ang kabuuang bilang ng mga nasamsam na armas sa lahat ng mga larangang gerilya sa pamamagitan ng mga ambus, reyd at pang-aaresto. Nakasamsam tayo ng makabuluhang bilang ng mga armas mula sa mga reyd, kadalasan nang hindi man lamang nagpapaputok, at mula sa mga ambus na may iba’t ibang laki.

Nakapagreyd tayo at nakahawak ng isang panrehiyong himpilan ng pulisia at nakasamsam ng mahigit 80 malalakas na riple sa Bohol. Nakabihag din tayo ng matataas na mga upisyal ng militar at pulisia, kabilang ang isang heneral, at mahusay na tinrato ang mga ito bilang mga bihag ng digma alinsunod sa mga Kumbensyon sa Geneva at mga protokol nito, di tulad ng reaksyunaryong sandatahang lakas at pulisia na nagtotortyur at pumapatay ng mga bihag mula sa ating panig.

Ang matatagumpay nating mga taktikal na opensiba ay mga pampulitikang pahayag at nakatawag ng pambansa at pandaigdigang pansin. Nasisiyahan ang mamamayan sa mga ito, samantalang ang kaaway ay natataranta, nagpapakalat ng pinaka-di-kapani-paniwalaang mga uri ng propaganda at nagpapatinding mga pambomboma, sapilitang maramihang pagpapalikas, blokeyo ng pagkain, mga masaker, arbitraryong pang-aaresto, panonortyur at mga pagpatay.

Mula’t sapul, ang rehimeng US-Estrada ay nagpapatupad na ng di-deklaradong batas militar, laluna sa kanayunan. Naglulunsad ito ng malulupit na kampanya ng pagsupil sa ilalim ng tinaguriang Oplan Makabayan, isang kampanyang sumasaklaw sa buong bansa. Tinapos nito ang usapang pangkapayapaan ng GRP at NDFP at isinumpang dudurugin ang rebolusyonaryong kilusan upang bigyang-diin ang kontra-rebolusyonaryong linya nito ng todo-todong gera laban sa mamamayan at mga rebolusyonaryong pwersa. Subalit inihanda tayong mabuti ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto upang labanan nang mas matindi at mas mabisa ang bangkarote at nahihiwalay na rehimeng US-Estrada. Ang Partido ay nakapagkonsolida, nakapagpanibagong-sigla at nakapagpalakas sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Napalawak at napatataag ng BHB ang rebolusyonaryong baseng masa sa kanayunan. Masiglang umuunlad ang pambansang nagkakaisang prente.

katapusan sa pulitika sa rehimeng US-Estrada.

Pare-parehong ginamit ng mga “Kaliwa” at Kanang oportunista ang maling palagay na ang Pilipinas ay hindi na malapyudal sa bigo nilang pagtatangkang ilayo ang rebolusyonaryong kilusan sa estratehikong linya ng matagalang digmang bayan at makapagrekut para sa linya ng pagkakanulo. Nalantad na sila bilang mga nagdudunung-dunungan bunga ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto at ng patuloy na lumulubhang mga kundisyong malakolonyal at malapyudal.

Ang BHB ay nakapagkamit ng makabuluhang mga tagumpay sa pagsasakatuparan sa tatlong integral na mga sangkap ng digmang bayan: armadong pakikibaka, reforma sa lupa at pagbubuo ng baseng masa. Ang lahat ng mga ito ay nasa konteksto ng bagong-demokratikong rebolusyon. Maging ang kaaway ay hayagan na ngayong kumikilala sa di-maipagkakailang katotohanan na ang BHB ay lumakas sa hanay ng masa at nasa pusisyon para bumigwas ng mas nakamamatay na mga dagok sa kanyang mga pwersa.

Nagkamit ang BHB ng maniningning na tagumpay sa mga taktikal na opensiba sa pambansang saklaw,



### MAKABULUHAN ANG KABUUANG BILANG NG MGA NASAMSAM NA ARMAS SA LAHAT NG MGA LARANGANG GERILYA SA PAMAMAGITAN NG MGA AMBUS, REYD AT PANG-AARESTO.

Nagtagumpay tayo sa pagsusulong ng digmang bayan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng repara sa lupa at pagsasagawa ng masikhay na gawaing masa. Sumasalig tayo pangunahan sa mga maralitang magsasaka at manggagawang bukid, kinakabig ang mga panggitnang magsasaka, ninunyutralisa ang mga mayamang magsasaka at pinag-iiba ang mga nali-liwanagan sa mga despotikong panginoong maylupa upang ihiwalay ang huli at wasakin ang kapangyarihan nito sa kanayunan. Ang antipyudal na linyang makauring ito ay isinasakatuparan sa konteksto ng pambansang nagkakaisang prente, na rebolusyonaryo ang katangian dahil ang digmang bayan ang pangunahing sangkap ng pakikibaka sa kasalukuyang mga sirkunstansya.

Itinatatag natin ang baseng masa sa saklaw na walang katulad sa nakaraan. Binubuo at pinauunlad natin ang mga organo ng kapangyarihang pampolitika at ang mga organisasyong masa ng mga manggagawa, magsasaka, mangingisda, kababaihan, kabataan, aktibistang pangkultura at mga taong may iba't ibang katayuan sa buhay. Naglulunsad tayo ng mga kamppanyang masa upang itaas ang antas ng edukasyon at kultura ng mamamayan, ipatupad ang repara sa lupa, paunlarin ang kabuhayan ng mamamayan, itaguyod ang pangangalaga sa kalusugan at kalinisang pampubliko,

### MAGING ANG KAAWAY AY HAYAGAN NA NGAYONG KUMIKILALA SA DI-MAIPAGKAKAILANG KATOTOHANAN NA ANG BHB AY LUMAKAS SA HANAY NG MASA



sanayin ang milisya at ang mamamayan sa pagtatanggol-sa-sarili, pawiin ang mga antisosyal na aktibidad at palitan ang di-malusog na mga anyo ng libangan ng makatuturang mga anyo.

Bagamat ang kontra-rebolusyonaryong estado ng malalaking kumprador at panginoong maylupa ay nakatrinsera pa sa kalunsuran, binubuo na natin ang demokratikong gubyernong bayan sa anyo ng mga lokal na organo ng kapangyarihang pampolitika na sinusupportahan ng mga organisasyong masa at ng mamamayan sa kabuuhan, ipinagtatanggol ng Bagong Hukbong Bayan at pinamumunuan ng Partido. Malaon na nating nakamit ang katayuang nakikidigma (*status of belligerency*) sa ilalim ng internasyunal na batas batay sa mga tagumpay natin sa digmang bayan at makakam-

tan natin ang pagkilala ng mga bansa sa katayuang ito sa pagkakamit ng mas malalaki pang tagumpay.

Sa paalun-along paraan, patuloy nating pinalalawak ang populasyon at territoryong nasa ilalim ng demokratikong gubyernong bayan. Marami pang mga larangang gerilya ang binubuo upang punan ang mga patlang sa pagitan ng dati nang mga larangang gerilya. Ibayo nang naaabot ng BHB ang mga bayan at mga mayor na daluyan ng transportasyon at komunikasyon.

Habang ang BHB ay tumututok sa pagbubuo at pagpapalakas ng mga larangang gerilya sa kanayunan, ikinokoordina ng Partido ang mga rebolusyonaryong pwersa at pakikibakang masa sa kalunsuran doon sa mga nasa kanayunan. Nanghihikayat at nagtatalaga ito ng mga manggagawa at nakapag-alaral na kabataan mula sa kalunsuran upang maglingkod sa hukbong bayan at sa kanayunan.

Minamahal ng malawak na masa ng sambayanan ang Bagong Hukbong Bayan at ang mga Pulang kumander at mandirigma nito dahil ipinaglalaban nila ang rebolusyonaryong adhikain laban sa imperyalistong US at lokal na mga mapagsamantalang uri. Lalo pang tataas ang rebolusyonaryong lakas at prestihiyo ng BHB habang ang lahat ng anyo ng rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan ay sumusulong.

Dahil sa ating pagpupunyagi at mga tagumpay sa digmang bayan, ang Partido Komunista ng Pilipinas, Bagong Hukbong Bayan at Pambansa-Demokratikong Prente ng Pilipinas

(National Democratic Front of the Philippines) ay pawang iginagalang at ngtatamasa ng mataas na antas ng prestihiyo at suporta sa buong daigdig, sa hanay ng mga mamamayan at mga pwersang lumalaban sa imperyalismo at para sa pambansang kalayaan at sosyalismo.

Nakikinabang tayo sa mahabang rebolusyonaryong karanasan at kasalukuyang mga pakikibaka ng proletaryado at mamamayan ng daigdig at nakapag-ambag tayo nang malaki sa adhikain ng pandaigdigang rebolusyonaryo. Nakatitiyak tayo na habang isinusulong natin ang sulo ng armadong rebolusyon, marami pang aping mga mamamayan ang mag-aarmas at magrerebolusyon sa gitna ng lumulubhang mga kalagayan ng pang-aapi at pagsasamantala.

## **II. Ang krisis ng imperyalismo at ang proletaryong rebolusyon**

Habang papasok tayo sa ika-21 siglo, ang kapitalistang krisis ng sobrang produksyon at ang bagong kaguluhan sa daigdig ay mabilis na lumulubha. Ang kasalukuyang kalagayan sa daigdig ay paborable para sa rebolusyon at pinabubulaanan nito ang ihinahayag ng mga imperyalistna ang kasaysayan ay hindi na lalampas pa sa monopolyong kapitalismo at sa mga kunwa nilang pagpapairal ng liberal demokrasya.

Itinutulak at pinabibilis ng paggamit ng mataas na teknolohiya ang sobrang konsentrasyon ng kapital sa produksyon at pinansya sa mga kamay ng monopolyong burgesya. Upang makapiga ng mas mataas na tubo at mahadlangan ang tendensya bumaba ng tantos ng tubo habang pinalalawak ang produksyon, inaatake ng monopolyong burgesya ang mga karapatan sa pag-uunyon at mga demokratikong karaapatang ng mga manggagawa, pinapatay ang mga regular na trabaho at pinapalitan ang mga ito ng mga hindi buong panahon at pansamantalang trabaho upang itulak pababa ang pasahod.

Sa pangunguna ng US, ibinando ng mga imperyalista ang alamat ng “malayang pamilihan” upang bigyang-matwid ang tumitinding tantos ng pagsasamantala sa uring manggagawa sa mga imperyalistang bansa at sa mamamayan ng mga kliyenteng bayan. Walang habas ang monopolyong burgesya sa pagkonsentra at pagsesentralisa ng kapital sa mga kamay nito alinsunod sa mga islogan ng pribatisasyon, liberalisasyon at deregulasyon.

Inilalarawan ng mga imperyalista at mga utusan nila ang mga manggagawa bilang mga palamunin sa halip na mga tagalikha ng yaman. Sinisisi nila ang mga manggagawa bilang sanhi ng implasyon at balakid sa paglago ng ekonomya. Pinabababa nila ang kita ng mga manggagawa upang maksimisahin ang tubo. Iwina-waksi na ng burges na estado ang mga panlipunang pagkukunwari nito, pinabibigat ang pasaning buwis ng mamamayan at pinabibilis ang paghahain ng mga ari-arian at pondong publiko sa monopolyong burgesya.

Ang resulta ay ang paglubha at paglalim ng palagiang krisis ng sobrang produksyon sa pandaigdigang sistemang kapitalista. Ang kabawasan sa kita ng mamamayan ay nangangahulugan ng pagkitid ng pamilihan. Ang mga empresang natatalo sa kumpetisyong nagsasara kundiman nalalamon ng mas malalaking empresa. Ang ibayong konsentrasyon ng kapital ay sinusundan ng pagkawasak ng mga produktibong pwersa.

Ang pagsasara ng mga kumppanya, pagbawas sa produksyon at mga pagsasanib ay nangangahulugan ng papataas na palagiang malawakang kawalan ng hanap-buhay at sumasahol na mga kalagayan sa pasahod at pamumuhay.

Lalong tumatampok ang krisis sa pinansya habang nalalantad ang dambuhalang mga utang ng naluluging mga empresa at mga bayang nangungutang. Ngunit

nangungutang pa nang panibago ang burges na estado at mga pribadong kumppanya upang patuloy pang paandarin ang kapitalistang ekonomya tungo sa ibayo pang pagsasamantala

sa mamamayan. Upang malikha ang ilusyon ng pag-unlad, di lamang kinokonsentra ng monopolyong burgesya ang kapital sa kamay nito kundi sinosobrahan din ang tasasyon ng mga ari-arian sa pamamagitan ng pasikut-sikot ng monopolyong kapital sa pinansya.

Ang mga imperyalistang bayan ay pinahirapan ng palagiang krisis ng sobrang produksyon at ng kaugnay na pag-iral ng palagiang malawakang disempleado, pagguho ng pinaghirapang mga benepisyong panlipunan at ng lumalaking palagiang krisis sa pinansya ng estado at pribadong sektor. Ang mga ekonomya ng Japan at European Union ay nabahura at naging mabuway kumpara sa ekonomya ng US.

Ang US ang pinakamalakas sa mga imperyalistang bansa dahil ito ang nangunguna sa mataas na teknolohiya at nasasamantala nito ang mga alyado nitong imperyalista sa pamumuhunan at kalakalan. Ang Japan at European Union mismo ay naaakit ng mas mataas na tantos ng tubo sa US at nakasusuhay sa ekonomya ng US sa pagbili ng *securities* ng US.

Ang pinakamalaking bula sa ekonomya ay lumitaw

**HABANG PAPASOK TAYO SA IKA-21 SIGLO, ANG KAPITALISTANG KRISIS NG SOBRANG PRODUKSYON AT ANG BAGONG KAGULUHAN SA DAIGDIG AY MABILIS NA LUMULUBHA.**



sa US, kasabay ng pagpasok ng pamumuhunan sa *stocks* ng mga kumpanyang mataas ang teknolohiya at ng sobrang tasasyon sa mga ito. May namumuong krisis ng sobrang produksyon ng mga kompyuter, telekomunikasyon at *software* na siyang batayan ng paglago ng kapital sa US. Ipinagmamalaki ng US ang mataas nitong tantos sa empleyo na kinatatangian ng pagsapaw ng mga trabahong hindi buong panahon sa mga trabahong regular.

Patuloy na pinapasan ng US ang bigat ng mga naging gastusin para ipagwagi ang Cold War at panatilihin ang lahatang-panig nitong hegemonya sa pandaigdigang sistemang kapitalista. Mayroon itong gahiganteng pambansang pagkakautang bunga ng



### ANG PINAKAMALAKING BULA SA EKONOMYA AY LUMITAW SA US, KASABAY NG PAGPASOK NG PAMUMUHUNAN SA STOCKS NG MGA KUMPANYANG MATAAS ANG TEKNOLOHIYA AT NG SOBRANG TASASYON SA MGA ITO.

paggugol ng malalaking gastos sa militar at mga depisito sa kalakalan para matulungan ang mga alyado nito. Ang mga pagsisikap nitong bawasan ang napakalaki nitong publikong pagkakautang at depisito sa kalakalan ay nakapagpapalala sa krisis ng sobrang produksyon sa loob at labas ng bansa.

Ang krisis ng sobrang produksyon sa mga imperyalistang bansa ay humantong na sa paglulunsad ng mga welga at malawakang aksyong protesta ng mga manggagawa at iba pang mamamayan laban sa estado at monopolyong burgesya. Subalit hangga't kaya pa nitong pagsamantalahan ang mamamayan ng daigdig, maaari pang patamlayin ng monopolyong burgesya ang makauring pakikibaka ng proletaryado sa mga imperyalistang bansa.

Relatibong mas masigla ang makauring pakikibaka ng proletaryado laban sa burgesya sa mas mahihinang industriyal na kapitalistang bansa, kabilang na ang labis na nanghinang imperyalistang kapangyarihan, ang Russia. Subalit wala pa ring epektibong namumunong partidong Marxista-Leninista sa pakikibakang ito. Gayunpaman, sumiklab na ang gera sa Europe, partikular sa mga Balkan at ilang bahagi ng dating

Soviet Union.

Nagkakaisa ang mga imperyalistang kapangyarihan sa pang-aapi at pagsasamantala sa mamamayan at dito'y pinamumunuan pa rin sila ng imperyalismong US. Subalit dumarami ang mga kontradiksyong namamigitan sa kanila. Tiyak na titindi pa ang mga ito sa ibayong paglala ng pandaigdigang krisis ng sobrang produksyon. Namamasal sa kalakaran ang pag-igting ng kontradiksyon sa hanay ng mga imperyalistang kapangyarihan, sa pagitan nila at ng kanilang mga kliyenteng estado, sa pagitan nila at ng mga aping mamamayan at sa pagitan ng monopolyong burgesya at ng proletaryado.

Likas sa imperyalismo ang pagluluwal nito ng mga krisis sa ekonyoma at mga digman. Hanggang sa ngayon, bunga ng pagwakas ng Cold War, ang mga digmang mapanalakay ay nag-aanyong pagkakaisa ng mga imperyalistang kapangyarihan laban sa binabansagan nilang mga estadong "suwail" subalit sa totoo, ito'y laban sa mamamayan ng ilang bansa at buu-buong mga rehiyon tulad ng mga digma laban sa Iraq at laban sa Yugoslavia. Saligan ng gayong mga digmang mapanalakay ang lumalalang krisis ng sobrang produksyon na tumutungo sa paglalaban-laban mismo ng mga imperyalistang kapangyarihan para muling hatiin ang mundo.

Ang kahinaan ng Russia ay nang-aakit ng agresibong aksyon mula sa mas malalakas na imperyalistang kapangyarihan. Kayat pagkatapos ng pagpapalawak ng NATO sa Eastern Europe, naglunsad ng digmang mapanalakay ang US laban sa Yugoslavia upang kontrolin ang mga Balkan, pahigpitin ang pagkakakub-kob ng Russia, tiyakin ang magkabilang panig ng Mediterranean at idikta ang daloy ng langis mula sa Caucasus, Caspian Sea at Central Asia. Humantong pa ang US sa pagtataguyod sa armadong paglaban ng mga Chechen sa layuning sagkaan ang anumang plano ng Russia at Germany na maglatag ng mga *pipeline* sa Chechnya patungong Western Europe.

Ang napakalaking mayorya ng mamamayan ng daigdig ay nasa mga bansang malakolonyal at malapyyudal sa Asia, Africa at Latin America at sa mga bansang paурong kung saan ipinagkanulo ng mga

rebisyunistang rehimeng sosyalismo at ilang dekada nang pinanumbalik ang kapitalismo. Pinapasan nila ang malaking bulto ng pandaigdigang krisis ng sobrang produksyon. Ang kanilang mga bansa ang pangunahing larangan ng mararahas na labanan sa hanay ng mga imperyalista at reaksyunaryo, gayundin sa pagitan ng mga pwersang rebolusyonaryo at kontra-rebolusyonaryo.

Karamihan sa mga bansang ito ay walang ibang mailuwás maliban sa mga hilaw na materyales. Tuluy-tuloy nang lumubha ang mga kundisyon ng kalakalan para sa gayong mga eksport mula pa noong huling bahagi ng dekada '70 dahil sa sobrang produksyon. May maliit na bilang ng mga bansang ito na nagluluwas ng ilang manupaktura at semi-manupaktura, na sobra na rin ang produksyon mula pa noong dekada '90. Sa gayon, ang lahat ng mga bansang ito ay pumapasan ng malaking depósito sa kalakalan at dayuhang patutang.

Nakapangingilabot ang pag-kakawasak ng mga produktibong pwersa sa lahat ng nabanggit na bansa. Laganap ang pagsasara ng mga empresang nakatuon sa eksport, agrikultura at pagmamanaupaktura, ang malawakang disempreyo at ang paglubha ng kalagayan ng pasahod at pamumuhay. Hindi pa nakabalik sa masama na ngang kalagayang sosyo-ekonomiko bago mag-1997.

Sa kalagayan ng palagiang krisis ng sobrang produksyon, ang mga hirap na bansa ay walang pag-asang kumita ng dayuhang pananalapi para bayaran ang kanilang mga pagkakautang at inangkat na produktong pangkonsumo. Patuloy ang mga ito sa produksyon ng mga hilaw na materyales at semi-manupaktura na pababa nang pababa ang presyo o sa pagbabawas ng kanilang mga import alinsunod sa patakaran ng pagtitipid. Bunga nito, kumikitid rin ang pandaigdigang merkado ng mga imperyalista para sa kanilang sariling mga eksport tulad ng *structural steel*, mga kotse, *consumer electronics*, telekomunikasyon at iba pa.

Malawakang rumaragasa ang bagong kaguluhan sa daigdig sa mga bansang walang ibang mailuluwas

kundi mga hilaw na materyales. Marahas na nagpaligsahan para sa kapangyarihan ang mga reaksyunaryong pangkatín at gumagamit ng mga etnosentriko, relihiyoso at iba pang reaksyunaryong mga islogan laban sa isa't isa. Lumalaganap ang mga gera sibil na kinatatanian ng mga masaker at malawakang paglilikas ng mamamayan, partikular sa Africa, ang kontinenteng sinalanta nang husto ng krisis ng sobrang produksyon ng mga hilaw na materyales mula pa noong huling bahagi ng dekada '70.

Mabilis na nanghihimasok at naglulunsad ng mga digmang mapanalakay ang imperyalismong US at mga alyado nito sa motibong kunwa'y makatao at mapagpayapa, subalit ito'y kapag may nasangkot na mga rekursong langis lamang, tulad ng naganap sa Middle East at mga Balkan. Ang gayong mga digmang mapanalakay ay nagagamit din ng US bilang pagkakataon para ilantad at gamitin ang mga sandata nitong mataas ang teknolohiya laban sa mga nakapirming estabilisimyento ng mga kalaban nitong estado, kabilang ang mga imparastruktureng sibilyan, kagamitang publiko, empresang pang-ekonomyá, ospital at paaralan, gusali ng gubyerno at mga pasilidad ng masmidya.

Sa sobrang kahambungan nito, gumagamit ang imperyalismong US kapwa ng kapangyarihan sa pinansya at militar para lansihin ang sarili nitong mga alyadong imperyalista, kaya-kayahin ang mga neokolonyal na kliyente nito at iblokeyo at pagbantaan ang mga bansa tulad ng Cuba at Democratic People's Republic of Korea na naggigiiit at nagtatanggol sa pambansang kasarinlan at mithiing sosyalista ng mamamayan.

Subalit walang kasinglubha ang estratehikong pagkabanat ng imperyalismong US at sobra ang pagasa nito sa mga sandatang mamahalin at mataas ang teknolohiya. Nananatili ang takot nitong magkaroon ng mga kaswalting Amerikano sa isang gera sa katihan. Kasabay nito, pinahihina ng imperyalismong US ang sarili nitong mga papet na estado sa pagpapataw ng

### **MABILIS NA NANGHIHIMASOK AT NAGLULUNSAD NG MGA DIGMANG MAPANALAKAY ANG IMPERYALISMONG US AT MGA ALYADO NITO SA MOTIBONG KUNWA'Y MAKATAO AT MAPAGPAYAPA...**



mga patakarang neokolonyal at neoliberal na nakasisira sa ekonomya at pinansya ng mga ito, kung kayat nagiging malupit ang huli at kinamumuhian ng mamamayan. Ang pagkakaroon ng ilang estadong bulnerable sa *blackmail* sa pinansya at militar ng US subalit lumalaban sa todong dominasyon ng US ay sapat na patunay ng limitasyon ng imperyalistang kapangyarihan ng US. Maging ang mga biktima ng digmang mapanalakay ng US noong nagdaang dekada, tulad ng Iraq at Yugoslavia, ay nakasansala o di kaya'y nakatagal sa pagtatangka ng US at ng mga imperyalistang alyado nito na sakupin sila. Hanggang sa ngayon ay nasasagkaan ng Democratic People's Republic of Korea, Cuba at Libya ang imperyalismong US sa paglulunsad ng digmang mapanalakay laban sa kanila.

Mulat sa mga limitasyon ng imperyalistang kapangyarihan ng US, optimistiko ang mga umiiral na armadong kilusang rebolusyonaryo para sa pambansang kalayaan at demokrasya na sa takdang panahon, maaari nilang gapiin at pabagsakin ang mga papet na estado sa kani-kanyang bansa at uusbong ang iba pang mga armadong kilusang rebolusyonaryo sa walang katulad na saklaw sa Asia, Africa, Latin America at sa mga bansang pauring na dating sinalanta ng mga rebisyunistang taksil at ngayo'y mga neokolonya ng imperyalismong US.

Nagagawang inutil ng mga armadong kilusang rebolusyonaryo, na bumabase sa hanay ng mga

### OPTIMISTIKO ANG MGA UMIRAL NA ARMADONG KILUSANG REBOLUSYONARYO PARA SA PAMBANSANG KALAYAAN AT DEMOKRASYA NA SA TAKDANG PANAHON, MAAARI NILANG GAPIIN AT PABAGSAKIN ANG MGA PAPET NA ESTADO SA KANI-KANYANG BANSA ...



magsasaka at tumatalima sa estratehikong linya ng matagalang digmang bayan, ang mga sandata ng US na mataas ang teknolohiya, tulad ng naganap sa matagumpay na digma ng Vietnam para sa pambansang pagpapalaya.

Sa Asia, nananalig ang US sa sarili nitong kapangyarihang militar at sa estratehikong pakikipagsabwatang panseguridad nito sa Japan sa pananatili ng hegemonya. Subalit sa mga darating na taon at dekada, lalala at lalala ang di pagkakasundo ng Japan

at US bunga na rin ng mga dikta ng US sa kasalukuyan. May sariling katangian at ambisyong imperyalistang Japan. Sumusuray na ito sa inter-imperyalistang kumpetisyon sa ekonomya at tiyak itong lalaban sa mga dikta ng US at magpapaunlad ng sarili nitong mga inisyatiba kaugnay ng iba pang bansang Asyano.

Patuloy na nagkakasala ang US laban sa mga mamamayan ng Asia sa pagdikta nito ng mga patakaran sa mga papet na estado nito para ibayong apihin at pagsamantalahan ang mamamayan. Walang habas itong nanghihimasok sa mga panloob na usapin ng mga bansa at mamamayang Asyano. Para ipaggiiitan ang hegemonya nito, pinakikialaman nito ang matitingkad na isyu tulad ng pagbabalik ng Taiwan sa China, reunipikasyon ng Korea, Kashmir, Tibet at iba pa.

Nangunguna ang US sa produksyon at paggamit sa henosidyo ng bomba atomika, tulad ng ginawa nito sa Hiroshima at Nagasaki, at pagmamay-ari nito ang pinakamalaking imbak ng mga sandatang nukleyar. Nais nitong panatilihin sa sarili ang di mapasusubaliang superyoridad-nukleyar upang magamit itong *blackmail* sa pulitika at pamalagiin sa kamay nito ang pribilehiyo ng unang paggamit. Sa tulak ng agresibong katangiang imperyalista nito at paghahangad na magtaglay ng monopolyo sa kapangyarihang nukleyar, iginigiit nitong isuko ng ibang mga bansa ang kanilang mga sandatang nukleyar.

Lumalakas ang agos ng armadong rebolusyon sa

Southeast Asia at South Asia. Pinamumuan ng mga partidong Marxista-Leninista-Maoista ang mga digmang bayan at nagtitipon sila ng lakas sa kani-kanyang mga bansa. Tinatang-

lawan ng gayong mga partido ang landas ng armadong rebolusyon sa Asia at sa iba pang kontinente ng mga bansang malakolonyal at malapyudal.

Patitindihin ng nagaganap na walang katulad na pagkawasak ng mga pwersang produktibo at ng pagkitid ng pandaigdigang pamilihan ang lahat ng batayang kontradiksyon sa mundo, tulad ng sa pagitan ng imperyalismo at ng aping mga mamamayan, sa hanay ng mga imperyalistang kapangyarihan at sa pagitan ng monopolyong burgesya at proletaryado sa

mga imperialistang bansa. Maaari silang magbigay-inspirasyon sa iba pang partidong Marxista-Leninista-Maoista na maglunsad ng armadong rebolusyon.

Ang teknolohiya sa impormasyon na ibayong nagpapaunlad sa panlipunang katangian ng produksyon at kumokontra sa pag-aaring monopolyong kapitalista ay maaaring gamitin para sa mabilis na komunikasyon sa propaganda, mga armadong operasyon at iba pang aktibidad ng mga kilusang rebolusyonaryo ngayon at para sa sosyalistang pagplano ng ekonomya, produksyon at pag-unlad sa kultura sa hinaharap. Tiyak ang pagkagapi ng mga imperialista at ng kanilang mga lokal na reaksyunaryong utusan. Maningning ang rebolusyonaryong hinaharap ng proletaryado at mamamayan ng daigdig. Ang bagong kaguluhan sa daigdig ay ibayo pang naliliglig at siyang pasimula ng rebolusyon ng panlipunan.

### III. Mabilis na paglubha ng bulok na naghaharing sistema

Ang bulok na naghaharing sistema ng mga uring malaking burgesyang kumprador at panginoong maylupa ay labis na nagigipit ng pandaigdigang kapitalistang krisis ng sobrang produksyon ng lahat ng tipo ng kalakal at ng mga idinidikta ng US na neoliberal na patakarang “malayang pamilihan” -- denasyunalisasyon, liberalisasyon ng pamumuhunan at kalakalan, pribatisasyon at deregulasyon.

Mabilis na lumulubha sa paraang lahatang-panig ang pamalagiang krisis ng naghaharing sistema. Ang krisis sa ekonomya at lipunan ay nagdudulot ng sukdulang paghihirap sa malawak na masa ng sambayanan at nagbubunsod ng panlipunang kaguluhan at ng armadong rebolusyon. Nadala ng krisis sosyo-ekonomiko ang krisis sa pulitika sa antas na kahalintulad noong bisperas ng deklarasyon ng batas militar ng rehimeng Marcos.

Umaasa ang Pilipinas sa pag-aangkat ng kasangkapan, panggatong at bahagyang naprosesong mga sangkap at hindi ito lumilikha ng mga produktong kapital (*capital goods*). At lahat ng tipo ng eksport ng Pilipinas (mga hilaw na materyales na agrikultural at

mineral at mga semi-manupakturang may mababang dagdag-na-halaga) ay pabagsak nang pabagsak bunga ng pandaigdigang krisis ng sobrang produksyon. Kailangang lumikha ang Pilipinas ng mas malaking bulto ng gayon ding uri ng eksport kahit sa mas mababang presyo sa pandaigdigang pamilihan upang kumita ng

### NADALA NG KRISIS SOSYO-EKONOMIKO ANG KRISIS SA PULITIKA SA ANTAS NA KAHALINTULAD NOONG BISPERAS NG DEKLARASYON NG BATAS MILITAR NG REHIMENG MARCOS.



dayuhang pananalapi o kaya'y magbawas ng mga inaangkat na sangkap para sa produksyon ng mga pang-eksport na kalakal at dahil dito'y kikita ito ng mas kaunting dayuhang pananalapi.

Maging ang produksyon sa agrikultura para sa lokal na konsumo ay nababawasan gawa ng tumataas na halaga ng imported na mga sangkap at ng liberalisadong pag-aangkat ng mga produktong pagkain kabilang ang bigas, mais, asukal at karne. Ang lupang maaaring gamitin sa agrikultura ay nabawasan din dahil sa mabilisang akumulasyon ng lupa sa kamay ng iilan para sa ispekulasyon sa *real estate* bagamat pumutok na ang bula ng pribadong konstruksyon.

Sa kalagayang may pandaigdigang sobrang produksyon ng mga manupaktura tulad ng kotse, materyales sa konstruksyon, *consumer electronics* at telekomunikasyon, lalong pinabibilis ng mga mapagsamantalang uri ang kanilang lantad na pagkonsumo at pinatitindi ang kanilang pagsasamantala sa uring manggagawa at magsasaka.

Palaki nang palaki taun-taon ang depisito sa dayuhang kalakalan at maaari lamang itong paliitin sa pamamagitan ng pagtitipid, ng pagbabawas sa produksyon at ng disemployo. Ang pag-eksport ng kalakalihan at kababaihan para magtrabaho nang dekontrata sa ibayong dagat ang siyang nakakapagpapaso ng mas malaking halaga ng dayuhang pananalapi kumpara sa anupamang produktong pang-eksport. Subalit nalilimitahan ito ngayon ng pandaigdigang krisis sa ekonomya at ng kumpetisyong mula sa eksport na paggawa ng iba pang naghihikahos na bansa.

Sumisirit ang panlabas na pagkakautang ng Pilipinas. Itinutulak pa ito pataas ng lumalaking bayad sa

interes ng dating utang at ng panibagong pangungutang upang ipambayad sa dating utang at ipampuno sa patuloy na depisito sa kalakalan. Ang pinakabagong mga dayuhang pautang ay ginamit pangunahin para isalba ang sistema sa pagbabangko. Ang mga utang sa Japan para sa obras publikas ay dumarating nang papatak-patak at may mga kaakibat na kundisyon. Kabilang dito ang mas matataas na interes at mas maiikling taning sa bayaran at pagkakaroon ng mga takdang kontratista at tagasuplay ng materyales na mas matataas ang presyo.

Taun-taon, palaki nang palaki ang lokal na utang pampubliko ng reaksyunaryong estado at pabigat nang pabigat ang ipinapataw nitong mga buwis at sinisingil na kabayaran para sa mga serbisyon publiko sa malawak na masa ng sambayanan upang punan ang patuloy na lumolobong depisito sa badyet. Kalakhan ng gastusin ng gubyerno ay nilalamon ng pagbabayad sa utang, ng pwersa ng pulisia at militar at ng burukratikong korupsyon. Ang perang naimpok para sa seguridad panlipunan (*social security savings*) ay ginagamit para pondohan ang mga raket sa *stock market* at mga pagsasanib.

Ihinahayag ng rehimeng Estrada na ang *gross domestic product* (GDP) ng bansa ay lumago mula sa antas nito noong isang taon. Guniguni lamang ito. Ang halaga ng GNP ay pinalobo sa pamamagitan ng mga pagtatasang nakabatay sa hula, ng mga kontraproduktibong gastusin at ng lubhang mabababang pagtasa sa tantos ng implasyon. Maging ang rehimeng umaamin na malayong maabot ng ekonomya ang antas ng GNP noong 1997.

Dahil sa lumalalang krisis sosyo-ekonomiko, kumikitid ang puwang para sa pagbibigayan sa hanay ng mga nagpapaligsahang pakson sa pulitika ng mga uring mapagsamantala. Walang kasinsakim ang naghaharing pangkatin at mas madali itong nalalantad. Nagging mas mapait at mas marahas ang ribalan sa pulitika sa hanay ng mga reaksyunaryo.

Ang kabulukan ng reaksyunaryong estado ay lantarang naipamamalas sa garapang korupsyon ni Estrada, ng kanyang maraming mga asawa at mga anak at ng kani-kanilang mga *dummy* at kroni na sangkot sa lahat ng uri ng kahinahinalang mga transaksyon na may kaugnayan sa mga

kontrata sa estado, paglapit sa mga institusyon sa pinansya ng estado at mga pribilehiyo sa negosyo. Tulad noong panahon ng pasistang rehimeng Marcos, hinalinhan ng isang monopolistikong sistema ng *presidential pork barrel* ang relatibong mas malawak na sistema ng *congressional pork barrel*.


Ang pagkakaluklok ng naghaharing pangkating Estrada ay salamin ng walang katulad na pagdausdos ng sistema sa ekonomya at pulitika. Ang suporta sa pinansya at pulitika ng pamilyang Marcos, ng pinakapusakal na mga kroni ni Marcos at ng mga panginoon ng krimen ay nakapagluklok sa poder ng isang presidenteng dati'y isang popular na aktor sa pelikula subalit isang lasenggong salat sa katinuan ng isip. Sa loob ng napakaikling panahon, isinisigaw na ng marami na siya'y patalsikin o piliting magbitiw.

Dahil sa umaalingasaw na korupsyon at lumuluhang pagkakahiwatalay nito, bulnerable ang rehimeng US-Estrada sa kudeta. Maraming grupo ng mga upisyal militar ang nagnanais na palitan si Estrada ng kanyang pangalawang pangulo alinsunod sa konstitusyon ng 1987 ng reaksyunaryong estado. Nagkakaisa sila sa pagkundena kay Estrada dahil sa kanyang kabulukan, kahinaan ng utak at paboritismo para sa ilang upisyal sa militar at pulisia na nagpapatakbo ng mga sindikatong kriminal.

Ang mga mapamwersang mga aparato ng estado ay binabasag ng paksyunalismong sumasalamin sa mga bitak sa hanay ng mga reaksyunaryong pulitiko at ng mga sindikatong kriminal na sangkot sa ismagling, pasugal, pagbebenta ng droga, prostitusyon, pangngikil, *kidnap-for-ransom*, iligal na pagtotroso at iba pa. Ang pinakamatataas na upisyal ng militar at pulisia ay nagsisilbing operatiba ni Estrada sa mga pinaka-mapakakitaang gawaing kriminal.

Bukambilig ng kasalukuyang naghaharing pangkatin ang dogma ng "malayang pamilihan" at naniniwala ito na ang todong pagsusubasta ng pambansang patrimonya sa mga dayuhang monopolyo ang siyang magbubunsod ng pagiging kumpetitibo ng Pilipinas sa

## ANG PAGKAKALUKLOK NG NAGHAHARING PANGKATING ESTRADA AY SALAMIN NG WALANG KATULAD NA PAGDAUSDOS NG SISTEMA SA EKONOMYA AT PULITIKA.



mundo. Ito ang dahilan kung bakit ninanais ng rehimens na amyendahan ang reaksyunaryong konstitusyon o kaya'y magpasa ng mga batas para matamo ang ga-yong layunin.

Garapal ang pagtutol ng rehimens sa pambansang industriyalisasyon. Ni hindi ito nagkukunwaring paborito rito, di tulad ng mga dating rehimens na nagpalabas na ang malalaking proyektong kumprador ay mga pangunahing proyekto sa pagpapaunlad ng industriya. Pakutya nitong tinutukoy na proyektong pangkaunlaran at kontra-kahirapan ang mga *casino* at iba pang negosyong sugalan. Hinayaan nitong mangabulok na lamang ang mga imprastruktura sa buong bansa at nilustay ang pondo ng bayan sa ilang magagarbong proyekto sa obras publikas sa gitna ng samutsaring nagkalat na walang-saysay na mga proyektong batbat din ng katiwalian.

Ineengganyo nitong magkamal ng lupa ang ilang malalaking kumprador-panginoong maylupa na kinakandili nito. Nirereklasipika nito bilang di-agrikultural ang ilang pirasong lupain sa ilalim ng huwad na programa ng reforma sa lupa ng reaksyunaryong gubyerno upang maihain ang mga ito sa mga panginoong maylupa at mga ispekulator sa *real estate*. At nakatutuya nitong sinasabihan ang mga magbubungkal na walang lupa na kung nais nilang mag-may-ari ng lupa, kailangan lamang nilang bumili ng lupa sa umiiral na presyo sa merkado o kaya'y bumili ng *stocks* sa mga korporasyong agrikultural na pagmamay-ari ng mga tulad ni Eduardo Cojuangco.

Alinsunod sa islogan ng "malayang pamilihan", tinalikuran na ng mga imberyalistang estando ang anumang pagkukunwari sa lipunan. Walang hangganan ang kapalaluan sa pulitika at kahayukan ng mga mapagsamantalang uri. Nagdudulot ito ng katakut-takot na paghihirap sa mamamayan at nag-uudyok sa kanilang maglunsad ng rebolusyonaryong pakikibaka laban sa estado.

Ibayong nagpapakawala ng hayag na terorismo ang rehimens at nagpapairal ng di deklaradong batas militar kahit na nahaharap ito sa grabeng kahirapan sa pinansya sa pagmamantine ng hukbo at pulisia. Nagdeklara ito ng todo-todong gera laban sa rebolusyonaryong kilusan at mamamayan at kaugnay nito'y winakasan ang

## IBAYONG NAGPAPAKAWALA NG HAYAG NA TERORISMO ANG REHIMEN AT NAGPAPAIRAL NG DI DEKLARADONG BATAS MILITAR KAHIT NA NAHAHARAP ITO SA GRABENG KAHIRAPAN SA PINANSYA



negosasyong pangkapayapaan ng GRP at NDFP. Kaalinsabay, pilit nitong nililinlang ang mamamayan na ang pakana nitong lokalisadong negosasyon para sa pagpapasuko ang siyang kapalit ng dating negosasyong pangkapayapaan.

Upang magkaroon ng mas murang pambala sa kanyon kumpara sa mga regular na pwersang militar at pulisia, dinaragdagan ng rehimens ilampung libo ang mga pwersang paramilitar. Ipinapain at ipinanannggalang sila ng mga regular na pwersa habang nagpapatrulya at nag-oopensiba at sa gayo'y nahaharap sa mas malalaking panganib habang tumatanggap ng mas maliit na bayad. Dagdag dito, ineengganyo ng rehimens ang malalaking kumprador at panginoong maylupa na mag-organisa ng mga pribadong armadong gang. Bumubuo rin ng mga grupong vigilante, *death squad* at kunwa'y relihiyosong mga armadong kultong panatiko ang mga upisyal militar, bukod pa sa mga upisyal na yunit paramilitar.

Ang neokolonyal at neoliberal na patakaran ng denasyunalisasyon, liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon ay lantarang pag-atake ng mga imberyalistang estando at ng papet na rehimens sa mga karapatang-tao (partikular na sa mga karapatan sa lipunan, ekonomya at kultura) ng mamamayan. Ito ang ginagawang katwiran para sa napakalaganap na paglabag sa mga kalayaang sibil at pulitikal tulad ng arbitraryong pag-aresto, pagtorture, ekstrahudisyal na pagpatay, panununog, pandarambong, pambombombang sa mga komunidad, pagblokeyo ng pagkain at sapilitang malawakang pagpapalikas.

Bilang tugon sa tumitinding mga atake sa mamamayan, masiglang umabante ang ligal na demokratikong kilusan. Nakapagpahayag ng mga protesta at kahilingan hinggil sa mga usaping sosyo-ekonomiko at pampulitika. Nakapaglunsad ng edukasyong masa at mga kampanyang masa at aksyon ng protesta ang mga manggagawa, magsasaka, kababaihan, kabataan, taong simbahang iba pang sektor ng lipunan alinsunod sa kani-kanilang makauri at sektoral na interes gayundin

sa kanilang kumon na interes laban sa naghaharing pangkatin, sa mga imperyalista at mga lokal na mapagsamantalang uri.

Nakapagkampanya ang mga manggagawa laban sa patakaran ng pleksibilidad ng paggawa, sa pagpatay sa mga regular na trabaho, sa pag-ipit sa sahod, kaswalisasyon at madaliang kontraktwalisasyon at sa todong-atake sa kanilang mga batayang karapatan. Naigiit ng mga magsasaka ang pagpapatupad ng repermang agraryo at binatikos nila ang lahat ng anyo ng pagpapalubha sa suliranin sa lupa, gayundin ang walang-habas na mga paglabag sa mga karapatang-tao, Laluna sa kanayunan.

Napaigting ng kababaihan ang kanilang kampanya laban sa diskriminasyon at pang-aapi sa kasarian, at para sa pagkakapantay-pantay sa kasarian at mga karapatan ng nagtatrabayong mga ina at bata. Nakapaglunsad ng mga welga ang kabataang estudyante laban sa nagtataasang matrikula at sa pagsupil sa mga konseho ng mga mag-aaral at malayang pamamahayag sa kampus. Ang kabataan sa ibang sektor ay naninindigan laban sa disempleado at lahat ng anyo ng pagsasamantala at pang-aapi.

Nailunsad ang pinakamalalaking pambansang malawakang kilos-protesta laban sa iskema para isubasta ang pambansang soberanya at pambansang patrimonya sa pamamagitan ng pagamyenda sa konstitusyon, laban sa burukratikong korupsyon, laban sa mababang pasahod at pagwasak ng mga unyon at laban sa paulit-ulit na pagtaas ng presyo ng langis at tumataas na halaga ng pamumuhay (*cost of living*). Upang pukawin at pakilusin ang milyun-milyong mamayan, pinalawak ang nagkakaisang prente upang maisama bilang mga hindi pirmihang alyado ang mga konserbatibong institusyon at mga reaksyunaryong tutol sa naghaharing pangkatin. Mayroon ngayong lumalakas na kampanya upang sapilitang pagbitiwin o patalsikin ang naghaharing pangkating Estrada.

Sa labis na pagkakahiwalay ng naghaharing pangkatin, para makakuha ng malawakng suporta ay umaasa na lamang ito sa isang “karismatikong” relihiyosong organisasyon at sa mga programang pang-

aliw ng mga artista sa pelikula at telebisyon na malapit kay Estrada. Upang biguin ang mga taktika ng rehimene sa larangang ito, ang mga progresibong pwersa ay nagpapaunlad ng isang kilusang nagtutugma ng pambansa-demokratikong linya sa mga panlipunang usapin at adhikain ng mga pangkaraniwang pari at lider at ng malawak na masa ng mga mananampalataya. Nagdaraos sila ng mga programang pangkultura at nagpapalaganap ng mga awit at iba pang palabas pangkultura upang iangat ang diwang rebolusyonaryo ng mamamayan laban sa rehimene at sa naghaharing sistema.

Lumawak at lumakas ang rebolusyonaryong armadong paglaban. Sa kasalukuyan, ang pinakamalalakas na hukbong lumalaban sa kaaway ay ang Bagong Hukbong Bayan at Moro Islamic Liberation Front. Nakapagpanday na sila ng isang formal na alyansa mula noong huling bahagi ng nakaraang taon at naianget ang kanilang pagtutulungan at koordinasyon sa isang bago at mas mataas na antas. May matatag na unawaang kailanma’t salakayin ng kumon na kaaway ang isa, kikilos ang isa pa upang bigyang-kaluwagan ang alyado sa pamamagitan ng pagpapaigting ng mga taktikal na opensiba sa sariling mga erya.

### WALANG HANGGANAN ANG KAPALALUAN SA PULITIKA AT KAHAYUKAN NG MGA MAPAGSAMANTALANG URI.



Lumalaban din sa kaaway sa Mindanao ang mga pwersa ng Islamic Command Council ng Moro National Liberation Front (MNLF) at ang Al Harakatul

Islamiya (Abu Sayyaf). May umiigting na tensyon sa pagitan ng Moro National Liberation Front at ng gubyerno sa Maynila dahil sa mga napakong pangako ng huli at sa lantad nitong pagdududang ang mga Morong isinanib sa reaksyunaryong hukbo ay mga espiya. Itinakas ng may 1,000 mandirigma ng MNLF ang kanilang mga baril hindi katagalang matapos iisyu sa kanila ang mga ito noong Disyembre.

Bulok sa kaibutan at nasa proseso ng disintegrasyon ang lokal na naghaharing sistema ng malalaking kumprador at panginoong maylupa. Kaya itong wasakin at palitan ng demokratikong sistemang bayan sa pamamagitan lamang ng matagalang digmang bayan alinsunod sa linya ng bagong-demokratikong rebolusyon. Ipinatutupad ng BHB ang sentral nitong

tungkulin ng paglaban at paggapi sa mga pwersang militar, pulisia at paramilitar na naglalayong panatilihin ang di-makatarungang naghaharing sistema.

#### **IV. Pagkakamit ng tagumpay sa digmang bayan**

Tiwala tayong makakamit natin ang ganap na tagumpay ng bagong-demokratikong rebolusyon sa magang bahagi ng ika-21 siglo. Napakapaborable para sa pagsusulong ng rebolusyonaryong kilusan ang lumalalang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista at ng lokal na naghaharing sistema. Nakatipon na ng karanasan at lakas ang mga rebolusyonaryong pwersa para isulong ang rebolusyonaryong kilusan. Inihanda ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto ang Partido at buong rebolusyonaryong kilusan para sa mas malalaki pang tagumpay sa hinaharap.

Kailangang patuloy na gampanan ng Bagong Hukbong Bayan ang napakahalagang tungkulin ng pagsusulong sa pangunahing anyo ng pakikibaka. Ito ay upang gipiin ang armadong hukbo ng kaaway at sa gayo'y ibagsak ang naghaharing sistema ng malalaking kumprador at panginoong maylupa upang itatag ang demokratikong gubyernong bayan na nakabatay sa alyansa ng uring manggagawa at magsasaka. Pagkatapos, makaaabante na tayo sa sosyalistang rebolusyon.

Ang Bagong Hukbong Bayan, sa pangunahin, ay pwersang panlaban para gipiin ang kaaway. Dapat nitong ipreserba ang sarili, ipagttagumpay ang mga labanan at magpalakas sa pamamagitan ng pagsasanib ng mga tungkuling militar nito sa iba pang kinakailangan at mahahalagang tungkulin tulad ng propaganda, pag-oorganisa ng masa at produksyon. Kailangan nitong lumakas nang husto bilang pwersa sa pulitika, militar, ekonomya at kultura. Pwersa ito para itransporta ang mga atrasadong baryo tungo sa mga abanteng balwarte ng rebolusyon sa pulitika, militar, ekonomya at kultura. Sa gayon, mahigpit at lahatang-panig itong nakaugnay sa masa.

Dapat absolutong pamunuan

ng Partido Komunista ng Pilipinas ang Bagong Hukbong Bayan at tiyaking nakapangyayari ang rebolusyonaryong pulitika. Sa bawat antas, dapat gabayan ng namumunong organo ng Partido ang kaukulang kumand ng hukbong bayan. Tinitiyak ng mga yunit ng Partido sa loob ng hukbong bayan na itinataguyod ang linyang masa ng pagtiwala at pagsalig sa kanila.

Ang mamamayan ang di nasasaad na balong pinagmumulan ng lakas ng hukbong bayan. Lumalaho sila sa digmang rebolusyonaryo, hinihikayat ang pinakamahuhusay nilang mga anak na sumapi sa hukbong bayan at ibinibigay nila ang lahat ng makakayang suporta rito dahil nakikibaka ito para sa kanilang pambansa at demokratikong mga karapatan at interes.

Itinatakda ng malakolonyal at malapyudal na katangian ng naghaharing sistema ang bagong-demokratikong rebolusyon sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Ang estratehikong linya ng pagkubkob sa kalunsuran mula sa kanayunan ay nagbibigay ng puwang sa hukbong bayan upang masamantala ang pinakamalawak na panlipunan at pisikal na kalupaang maniobahan sa pakikipaglaban sa kaaway at umunlad mula sa pagging maliit tungo sa pagging malaki at mula sa pagging mahina tungo sa pagging malakas. Dapat nating lutasin ang saligang suliranin ng demokratikong rebolusyon, ang suliranin sa lupa. Dapat nating ipatupad ang minimum na programa ng repara sa lupa at kalauna'y ang

maksimum na programa sa repara sa lupa. Sa gayon, ang masang magsasaka ay mananatiling tapat sa rebolusyon at tatalima sa pamumuno ng proletaryado. Dapat umunlad nang yugtu-yugto ang hukbong bayan sa proseso ng armadong pakikibaka. Kasalukuyan tayong nasa yugto ng estratehikong depensiba habang ang kaaway ay nasa estratehikong opensiba dahil sa kanyang malaking superyoridad sa kagamitan at mga sanay na tauhang militar. Subalit kaya at dapat nating baguhin ang balanse ng mga pwersa sa pamamagitan ng paglulunsad



**KAILANGANG PATULOY NA  
GAMPANAN NG BAGONG  
HUKBONG BAYAN ANG  
NAPAKAHALAGANG TUNGKULIN  
NG PAGSUSULONG SA  
PANGUNAHING ANYO NG**

lamang ng mga taktikal na opensibang kaya nating ipagwagi laban sa kaaway.

Sa pagtitipon natin ng lakas mula sa matatagumpay na taktikal na opensiba, sa pamamagitan ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya ay tiyak na maaabot natin ang yugto ng estratehikong pagkakapatás kung saan ang lakas natin ay kapantay na ng lakas ng kaaway. Sa wakas ay maaabot natin ang yugto ng estratehikong opensiba kung saan ang kaaway ay nasa katayuan na ng estratehikong depensiba.

Ang mababalangkas lamang natin ngayon ay ang malamang mangyayari subalit nakatitiyak tayo na ang ibayo nating paglakas at mga pagsulong ay magiging kumulatibo, maliban kung magkaroon tayo ng mga mayor na pagkakamali o kakailanganing iangkop ang mga taktika at bilis ng pagsulong sakaling pumasok ang mga tropa ng dayuhang mananalakay. Nasasapawan ang posibilidad ng dayuhang pananalakay ng posibilidad na ang mga imperyalistang bansa ay magiging abala sa ibang dako ng mundo.

Ang pinakapektibong paraan upang maagang malaman at biguin ng hukbong bayan ang tuluy-tuloy na tangka ng kaaway na ikonsentra ang kanyang mga pwersa at durugin tayo sa isang sonang gerilya, larangang gerilya o rehiyon ay ang patuloy na pagpapalawak at pagkokonsolida ng baseng masa sa buong bansa.

May hangganang ang lakas ng kaaway. Katunayan, masyado itong banat kayat manipis ang pagkakapakat nito. Nililitimitahan ng krisis ng naghaharing sistema ang kakayahang militar ng kaaway. Mabilis itong lumulubha at ibayo pang lulubha kapag dinagdagan ng kaaway ang tauhan at kagamitan ng mga pwersang militar, pulisia at paramilitar. Kaugnay nito, dapat nating malaman na sa labis na pagkabangkarote ng reaksyunaryong gubyerno, inutusan na ito ng IMF na magtanggal ng tauhan sa burukrasyang sibil at bawasan ang mga gastusin sa kalusugan, edukasyon at iba pang serbisyo ng panlipunan.

Makapagkokonsentra ang kaaway ng pwersa sa ilan, subalit hindi kailanman sa lahat, ng ating mga sonang gerilya, larangang gerilya at rehiyon. Maaari tayong maglunsad ng mga opensiba sa mga lugar na manipis na ang pwersa ng kaaway. At kahit sa mga lugar na konsentrado ang mga ito, makagagamit tayo

ng mga pleksibleng taktika upang ipako sila sa pamagitan ng paglulunsad ng ilang aksyon opensiba o ng pagpiling ipagpalit ang kaluwagan ng maniobrahan sa kaluwagan ng panahon sa iba-ibang antas.

Ang pagpapalawak at konsolidasyon ng rebolusyonaryong baseng masa ay dapat magbigay sa atin ng kakayahang maglunsad ng digmang lubos na makilos at iwasan ang anumang mapagpasyang labanang maglalagay sa panganib sa buong armadong lakas ng alinmang larangang gerilya. Sa gayon, walang patid din nating pinaaalalahanan ang ating mga sarili na magsagawa ng puspusang gawaing masa upang palawakin at konsolidahan ang ating baseng masa at magtataq ng mga organo ng kapangyarihang pampolitika.

Upang maagaw ang inisyatiba sa paglulunsad ng



### TIYAK NATING MAKAKAMTAN ANG GANAP NA TAGUMPAY NG BAGONG- DEMOKRATIKONG REBOLUSYON SA MAAGANG BAHAGI NG IKA-21 SIGLO.

mga taktikal na opensiba, dapat nating tuklasin ang mga kahinaan ng mga pwersa ng kaaway at ulukan din silang magkamali at ilantad ang kanilang mga kahinaan. Sa taktikal na antas, nagtitipon tayo ng superyor na armadong lakas at gumagamit ng elemento ng sorpresa sa pag-atake sa kahinaan ng mga pwersa ng kaaway sa lugar at oras na pinipili natin. Kasabay nito, nananatili tayong mapagbantay at inaalisan natin ang kaaway ng pagkakataong masukol tayo habang nasa pusisyong nahihiwatalay at pasibo.

Sa pamamagitan lamang ng tuluy-tuloy na pagpapalawak at pagpapalalim ng baseng masa natin maipatutupad ang malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya. Dapat nating gamitin ang mga taktika ng paghihiwa-hiwalay, pagkonsentra at pagpapalipat-lipat. Naghihiwa-hiwalay tayo para sa gawaing-masa. Kumokonsentra tayo upang maglunsad ng mga taktikal na opensiba. Nagpapalipat-lipat tayo upang iwasan ang konsentradong atake ng isang superyor na pwersa ng kaaway.

Kahit na sinasabi nating may estratehikong superyoridad sa atin ang kaaway sa usaping militar at na dapat tayong nasa estratehikong depensiba, dapat

nating panatilihin ang ating estratehikong pagmaliit sa kaaway. Makatarungan ang ating rebolusyonaryong mithiin. Ang kaaway ang kasuklam-suklam na kasangkapan ng imperyalismong US at ng lokal na nagsasamantalang uri, at di hamak na mas mahina ito ngayon sa ekonomya at politika kaysa kailanman sa nakaraan. Subalit sa taktikal na antas, dapat natin itong laging seryosohin.

Dapat pabilisin ng BHB ang pagpapaunlad ng armadong pakikibaka, ang pagpapatupad ng repara sa lupa at pagbubuo ng baseng masa; ibig sabihin, ang pagtatayo ng mga organo ng kapangyarihang pampolitika at mga organisasyong masa sa kanayunan. Kailangang dumami pa ang bilang ng mga larangang gerilya upang mapunan ang mga patlang sa pagitan ng kasalukuyang mga larangan. Sa pangangasiwa ng mga komite ng Partido sa rehiyon, dapat magluwal ng mga bagong larangang gerilya ang mga dati nang larangang gerilya at magbigay ng kanilang relatibong labis na tauhan at armas para sa gayong layunin.

Habang pinaiigting natin ang ating gawaing masa at mga taktikal na opensiba, dapat bigyang-pansin ng BHB ang mga pagsasanay sa pulitika at kabuhayan, pagsasanay ng mga tauhang gagampan ng gawaing medikal at komunikasyon at aasikaso sa mga kagamitang pandigma (*munitions*), paniktik, produksyon, pangangalaga sa kalusugan, gawain sa kultura at pagpatupad ng patakaran sa pagbubuwis ng demokratikong gubyernong bayan. Maaaring magkaroon ng espesyalisasyon sa gawain, gayundin ng paghahalinhan ng mga cadre at tauhan sa paggaman ng mga tungkulin sa pamumuno ng Partido.

Dapat tayong maglunsad ng mga batayang taktikal na opensiba upang makasamsam ng mga armas mula sa kaaway at makatipon ng armadong lakas. Para sa layuning ito, sumasandig ang hukbong bayan panguhin sa gawaing masang sumusulong nang paalalon. Maaaring magkaroon ng mga pagkakataong kakayanin ng isang yunit-komandong may sapat na pwersa na maglunsad ng taktikal na opensiba na malayo

sa larangang gerilya at magkaroon ng sapat na panahon at paraang bumalik sa larangang gerilya. Sa lahat ng mga taktikal na opensiba, dapat magkaroon ng matagalang pagtitipon ng datos-paniktik at napapanahong pagmamanman upang matiyak ang tagumpay.

Dapat din tayong maglunsad sa pana-panahon ng ilang espesyal na opensiba upang parusahan ang pinakamasasahol na kaaway ng mamamayan, ang pinakamalalaking tagalabag ng mga karapatang-tao at mga mandarambong, ang mga traydor at iba pang mga pusakal na kriminal. Matagal nang iginigiit ng mamamayan ang magawaran ng rebolusyonaryong hustisa ang pinakakinamumuhiang mga elementong ito. Dapat mapigilan ang mga elementong ito na ibayong mang-api at magsamantala sa mamamayan, maminsala sa rebolusyonaryong kilusan, tamaas hin ang bunga ng kanilang mga krimen at tumakbo sa reaksyunaryong eleksyon.

Naglulunsad ng eleksyon ang mga reaksyunaryo upang lumikhaw ng ilusyon ng demokrasya. Gina-gamit nila ang pwersa at kapangyarihan ng salapi para di palahukin ang mga tunay na kinatawan ng mamamayan. Halos insultuhin nila ang mamamayan sa pamamagitan ng paglilitita ng mapagpipiliang kandidato sa mga nang-aapi't nagsasamantala rin sa kanila. Bilang tugon, inilalapat ng rebolusyonaryong kilusan ang taktika ng nagkakaisang prente alinsunod sa mga internal na kontradiksyon sa hanay ng mga reaksyunaryo, pinarurusan o sinasagkaang kumandidato ang mga kaaway na elemento

at pinapawi ang maling ilusyon na ang demokrasya ay kinakatawan ng mga reaksyunaryong eleksyon.

Ang reaksyunaryong estado ay labis na nakaasa sa dayuhang pamumuhunan. Dapat tayong maglunsad ng mga espesyal na taktikal na opensiba na makapipigil sa mga ito, laluna kapag ang gayong mga dayuhang empresa ay nagwawalang-bahala at lumalabag sa mga batas ng demokratikong gubyernong bayan, naka-sasama sa mamamayan, salungat sa tunay na pag-unlad sa ekonomya at nakasisira sa kapaligiran.

Dapat nating pigilang pumasok sa territoryo ng

### DAPAT TAYONG MAGLUNSAD NG MGA BATAYANG TAKTIKAL NA OPENSIBA UPANG MAKASAMSAM NG MGA ARMAS MULA SA KAAWAY AT MAKATIPON NG ARmadong LAKAS.



demokratikong gubyernong bayan ang mga ahensya ng reaksyunaryong gubyerno at mga pribadong grupong pinopondohan ng mga imperyalista na nagsasagawa ng kontra-rebolusyonaryong propaganda at mga iskema ng korupsyon. Kasabay nito, pinag-iiba natin ang mga sagadsarin at ang mga handang makipagtulungan sa atin at iniaakma natin ang ating mga hakbang tungo sa pagpil sa una at paghimok sa huli.

Ang matatag nating tugon sa deklarasyon ng rehimen ng todo-largang digma at pagwawakas nito sa usapang pangkapayapaan ng GRP at NDFP ay ang pagpapaigting ng digmang bayan. Dapat nating ipatupad ang lahat ng makakaya at kailangang gawin kapwa sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka at gawaing nagkakaisang prente upang alisan ng kakayahan ang kaaway na pagharian ang mamamayan, ihiwalay ito at wasakin.

Ang ibayong pumapait na labanan sa hanay ng mga reaksyunaryo at ang umiigting na armadong pakikibaka

### INTERNASYUNALISTANG TUNGKULIN NATIN ANG PAGPUPUNYAGI SA MATAGALANG DIGMANG BAYAN, ANG PAGPAPAIGTING NG ATING MGA TAKTIKAL NA OPENSIBA AT PAGBIGWAS NG MAPAMINSALANG MGA DAGOK SA KAAWAY.

ng mamamayang Moro para sa pagpapasya-sa-sarili ay mga paborableng kundisyon para sa paglakas at pagsulong ng BHB at ng lahat ng pwersang rebolusyonaryo.

Habang ikinokonsentra ng rehimen ang mga kampanyang mapanupil nito sa ilang rehiyon ng BHB, gayundin sa mga lugar ng Moro Islamic Liberation Front, napakarami nitong naiiwang iba pang mga lugar na bukas para sa gawaing masa at mga taktikal na opensiba. Kahit sa iilang mga lugar na pinipiling konsentrahan ng mga pwersa ng kaaway ay nakapagiwan pa rin sila ng napakaraming puwang at nakapaglalantad ng kanilang mga kahinaan.

Sa gayong mga lugar, dapat nating makitang tagumpay tayo sa pag-akit sa mga pwersa ng kaaway sa kaloob-looban at dapat natin silang bigwasan ng mapaminsalang mga dagok sa pamamagitan ng pagmamaniobra para sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba sa mga eksteryor na linya. Sa napakaraming lugar kung saan numipis na ang mga pwersa ng kaaway,

dapat ay madalas tayong maglunsad ng mga taktikal na opensiba hanggang makakaya upang matulungan ang ating mga kasamang pinupupog ng konsentradong atake ng kaaway sa ibang lugar. Sa loob ng mahabang panahon, dapat nating paduguin ang kaaway hanggang sa matatay ito bunga ng hindi mabilang na mga sugat.

Ang kahambungan ng rehimeng US-Estrada ay naka-salay sa kapangyarihang militar ng imperyalismong US, laluna sa US-RP Visiting Forces Agreement at mga kaugnay na kasunduan. Subalit ang imperyalismong US ay isang halimaw na malubha ang estratehikong pagkakabanat na natatakot magkaroon ng mga kaswalting Amerikano sa digmang katihan at labis na palaasa sa mga armas na mataas ang teknolohiya at mga papet na tropang mersenaryo. Inutil ang mga estratehiya at taktika ng imperyalismong US sa harap ng matagalang digmang bayan, gaya ng dati nang napatunayan sa China at Indochina.

Pagsapit ng panahong nakapagtapon na ng sapat na lakas ang rebolusyonaryong kilusan at maitutulak na ang mga lokal na reaksyunaryong humiling sa US ng digmang mapanalakay, nakapagtapon na rin ng lakas ang BHB upang dulutan ng maluluhang pinsala ang mga troopa

ng US sa katihan o kaya'y abala na rin ang US sa pagharap sa mga digmang bayan at iba pang mga anyo ng pakikibaka sa marami pang bansa. Sa pagtagumpay ng armadong rebolusyon, mailuluwal natin ang isang Pilipinas na lubos na nagsasarili, demokratiko, makatarungan, progresibo, mapayapa at masagana. Ibinatabay natin ang ating mga rebolusyonaryong adhikain sa umaasa-sa-sariling rebolusyonaryong pakikibaka ng buong sambayanan habang ang bagong kaguluhan sa daigdig ay lumulubha at nagbubunsod ng mga rebolusyon sa iba pang panig ng mundo.

Internasyunalistang tungkulin natin ang pagpupunyagi sa matagalang digmang bayan, ang pagpapaigting ng ating mga taktikal na opensiba at pagbigwas ng mapaminsalang mga dagok sa kaaway. Ambag natin sa pandaigdigang proletaryadong rebolusyon at sa malawak na anti-imperialistang pakikibaka ng mamayang daigdig ang ating rebolusyonaryong pakikibaka at mga tagumpay. Dapat nating tumbasan ang inspirasyon at suportang ibinibigay sa atin ng prole-



taryado at mamamayan sa ibang bansa sa pamamagitan ng kanilang rebolusyonaryong pakikibaka at mga tagumpay. Hindi dahil napagharian ng imperyalismong US ang Pilipinas nang isang siglo ay patuloy pa rin itong makapaghahari nang isa pang siglo o habampahan. Nangangahulugan lamang ito na kailangan nating lumaban nang mas mahusay pa hanggang makamtan natin ang ganap na tagumpay. Kailangan nating labanan ang imperyalismong US upang pagbayarin ito sa mga krimen ng pananalakay, pang-aapi at pagsasamantala at iahon ang bansa mula sa paghamak na dinanas nito

sa napakahabang panahon. Hindi nangangahulugan na dahil nagwagi ang imperyalismong US sa Cold War, kung saan ang modernong rebisyunismo ang panguna-hing dumudurog sa sosyalismo mula sa loob, ay kata-pusan na ng kasaysayan ang monopolyong kapitalismo. Nangangahulugan lamang ito na kinakailangan nating lumaban nang mas mahusay pa hanggang sa magapi natin ang imperyalismo upang maitatag natin ang sosyalismo. Pinakalayunin nating gapiin ang imperya-lismo sa pandaigdigang saklaw at kamtin ang komu-nismo para sa kapakanan ng buong sangkatauhan. AB

